ANO ANG DAPAT ASAHAN KUNG MASUSURI KANG POSITIBO

Kung masusuri kang positibo at mayroon kang mga sintomas: Sundin ang alituntunin sa pagbukod ng sarili (isolation guidance). Manatili sa bahay at umiwas sa iba hanggang sa lumipas ang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos mong unang magkasakit AT nang hindi bababa sa 1 araw kung wala ka nang lagnat AT bumuti na ang iyong mga sintomas (ubo, kapos na paghinga).

Kung masusuri kang positibo at hindi ka kailanman magkakaroon ng mga sintomas: Manatili sa bahay at umiwas sa iba at subaybayan ang iyong sarili sa loob ng 10 araw para sa mga sintomas. Kung hindi ka magkakaroon ng mga sintomas sa loob ng 10 araw, maaari mong tapusin ang pagbukod ng sarili sa ika-11 araw.

Humingi agad ng pang-emergency na pangangalagang medikal kung mayroon kang mga babalang palatandaan ng emergency para sa COVID-19:

- Nahihirapang huminga
- Patuloy na pananakit o presyon sa iyong dibdib
- Bagong pagkalito
- Hindi makagising o manatiling gising
- Nangingitim na mga labi o mukha

Alameda County
Health Care Services Agency

Alameda County Public Health Department
Celebrating Healthy People in Healthy Communities

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Interim Health Officer

Contact
Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line
COVID-19 Information:
(510) 268-2101
www.acphd.org